

SUUNTO KAILASH 2.0


GABAY NG GUMAGAMIT


1. Kaligtasan.....	4
2. Pagsisimula.....	5
2.1. I-adjust ang mga setting.....	5
2.2. Mga display at view.....	6
2.3. Lokasyon ng tahanan.....	6
3. Mga Feature.....	8
3.1. 7R logbook.....	8
3.2. Alarm clock.....	8
3.3. Baterya.....	9
3.4. Backlight.....	9
3.5. Ang Compass.....	10
3.6. Countdown timer.....	11
3.7. Kulay ng display.....	11
3.8. Display contrast.....	11
3.9. Pag-explore sa activity mode.....	11
3.10. Hanapin ang pabalik.....	13
3.11. Flashlight.....	13
3.12. GPS.....	14
3.13. Mga Icon.....	14
3.14. Mga software update sa SuuntoLink.....	15
3.15. Pambilang ng hakbang.....	15
3.16. Stopwatch.....	16
3.17. Suunto 7R App.....	16
3.17.1. Pagpe-pair sa Suunto 7R App.....	16
3.17.2. Bluetooth.....	17
3.17.3. Mga notipikasyon.....	17
3.18. Oras.....	18
3.18.1. Lokal na oras.....	18
3.18.2. Oras ng tahanan.....	18
3.18.3. Pandaigdigang Oras.....	18
3.18.4. Mga view na oras.....	19
3.18.5. Pagsikat/paglubog ng araw.....	19
3.18.6. Petsa.....	19
3.18.7. Oras ng GPS.....	19
3.18.8. Daylight Saving Time (DST).....	20
3.19. Mga tono at vibration.....	20
3.20. Mga Unit.....	20
3.21. Mga indicator ng panahon.....	20
4. Pag-iingat at suporta.....	22
4.1. Mga gabay sa pangangalaga.....	22

4.2. Water resistance (hindi pinapasok ng tubig).....	22
4.3. Pagkuha ng suporta.....	22
5. Reperensya.....	24
5.1. Mga teknikal na detalye.....	24
5.2. Pagsunod.....	25
5.2.1. CE.....	25
5.2.2. Pagsunod sa FCC.....	25
5.2.3. IC.....	25
5.2.4. NOM-121-SCT1-2009.....	25
5.3. Ang tatak-pangkalakal.....	26
5.4. Abiso ng patent.....	26
5.5. International Limited Warranty.....	26
5.6. Karapatang magpalathala.....	27


1. Kaligtasan

Mga uri ng pag-iingat para sa kaligtasan:


 **BABALA:** ay ginagamit kaugnay sa isang pamamaraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng malubhang pinsala o kamatayan.

 **MAG-INGAT:** ay ginagamit kaugnay sa isang pamamaraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.

 **PAALALA:** ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.

 **TIP:** ay ginagamit para sa mga ekstrang payo kung paanong gagamitin ang mga feature at function ng device.

Mga pag-iingat para sa kaligtasan

 **BABALA:** MAAARING MAGKAROON NG MGA ALLERGY O IRITASYON SA BALAT KAPAG NAKADIKIT ANG PRODUKTO SA BALAT, KAHIT PA SUMUSUNOD ANG AMING MGA PRODUKTO SA MGA PAMANTAYAN NG INDUSTRIYA. SA NATURANG PANGYAYARI, AGARANG ITIGIL ANG PAGGAMIT AT KUMONSULTA SA ISANG DOKTOR.

 **BABALA:** PARA LAMANG SA PAGLILIBANG.

 **BABALA:** HUWAG GANAP NA AASA SA GPS O SA ITATAGAL NG BATERYA, LAGING GUMAMIT NG MGA MAPA AT IBA PANG KAGAMITANG PANG-BACKUP PARA MATIYAK ANG IYONG KALIGTASAN


 **MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAPAHID SA PRODUKTO NG PANGONTRA NG INSEKTO (INSECT REPELLENT), DAHIL MAAARING MAPINSALA NITO ANG IBABAW NA BAHAGI.

 **MAG-INGAT:** HUWAG ITATAPON ANG PRODUKTO, SA HALIP AY ITURING ITO BILANG ISANG BASURANG ELEKTRONIC PARA MAPANGALAGAAN ANG KAPALIGIRAN.


2. Pagsisimula

Madali at simple lang ang pagpapasimula sa iyong Suunto Kailash sa unang pagkakataon. Awtomatikong ise-set ang oras, petsa at lokasyon kung makakasagap ang relo ng signal ng GPS.

1. Buhayin ang relo sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa 7R button hanggang sa bumukas ang display.



2. Pumili ng wika sa pamamagitan ng 7R o ng ibabang button at kumpirmahin sa pamamagitan ng gitnang button.




3. Magpatuloy sa pagtatakda ng mga format ng unit at oras.
4. Hintaying makasagap ang relo ng signal mula sa mga satellite at ma-update ang time, petsa at lokasyon. Kung hindi makakasagap ang relo ng signal ng GPS, magpatuloy sa manu-manong pagse-set ng petsa at oras.
5. Opsyonal: i-pair sa iyong smartphone. Tingnan ang *3.17.1. Pagpe-pair sa Suunto 7R App*

2.1. I-adjust ang mga setting

Maaari mong i-adjust ang lahat ng setting ng relo mula sa menu ng mga opsyon.


Upang mag-adjust ng setting:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll pataas at pababa sa pamamagitan ng mga menu gamit ang 7R button at ang ibabang button.
3. Pumasok sa isang setting sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button. Depende sa menu, maaaring kailanganin mong mag-scroll sa mga setting gamit ang gitnang button.
4. I-adjust ang value ng setting gamit ang 7R button at ang ibabang button.
5. Kumpirmahin ang bagong value ng setting sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button.
6. Lumabas sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa gitnang button.



2.2. Mga display at view

Suunto Kailash ay may tatlong pangunahing display: Adventure Timeline™, navigation, at ang 7R logbook. Magbago sa pagitan ng timeline at navigation sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button.



Pumasok sa 7R logbook sa pamamagitan ng pagpindot sa 7R button habang nasa display ng timeline. Pindutin ang gitnang button upang bumalik sa timeline.



Ang display ng timeline ay may iba't ibang mga view sa ilalim na row, na maaari mong i-scroll gamit ang ibabang button.



2.3. Lokasyon ng tahanan

Suunto Kailash ay ginagamit ang iyong lokasyon ng tahanan para sa 7R statistics pati na rin para panatilihing napapanahon ang iyong oras sa tahanan.

Inirerekomenda namin ang pagse-set ng iyong lokasyon ng tahanan paggamit na paggamit mo sa relo mo. Kung hindi mo ise-set ang iyong lokasyon ng tahanan, hindi mo makukuha ang kumpletong hanay ng mga istatistika sa iyong 7R logbook (tingnan ang 2.1. *I-adjust ang mga setting*).

Upang i-set ang iyong lokasyon ng tahanan:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.

2. Pindutin ang ibabang button upang mag-scroll sa **LOCATION** (LOKASYON) at pumili gamit ang gitnang button.
3. Pindutin ang ibabang button upang mag-scroll sa **Set home location** (I-set ang lokasyon ng tahanan) at pumili gamit ang gitnang button.



3. Mga Feature


3.1. 7R logbook

Pindutin ang 7R button upang makita ang mga pinakabagong istatistika ng iyong paglalakbay. Kabilang sa buod ng mga istatistika ang:

- Mga nabisitang lungsod: Kailangang gumugol ng 1,000 hakbang sa parehong lungsod upang maituring ang lungsod na nabisita na
- Mga nabisitang bansa: Kailangang gumugol ng 1,000 hakbang upang maituring ang bansa na napuntahan na
- Kabuuang oras sa kasalukuyang kinaroroonang lungsod
- Mga araw ng paglalakbay para sa taon*: ang mga buong araw lang na ginugol sa mahigit 75 km (47 milya) mula sa lokasyon ng iyong tahanan ang binibilang
- Kabuuang distansya na nilakbay*: kabuuang distansya na nilakbay, hindi kasama ang mga biyaheng wala pang 75 km (47 milya) mula sa lokasyon ng iyong tahanan.
- Pinakamalayang distansya mula sa tahanan*
- Average na bilang ng hakbang sa araw-araw: Kinalkula ang average sa 30 araw gamit ang mga araw kung kailan gumawa ng mahigit sa 1000 hakbang


* Kailangan ang lokasyon ng tahanan upang matukoy. Tingnan ang 2.3. *Lokasyon ng tahanan*.

Mag-browse sa mga istatistika gamit ang 7R button o ang ibabang button.



Bukod sa kabuuang bilang ng mga nabisitang bansa at lungsod, maaari mong tingnan ang mga pangalan ng mga napuntahan mo.

1. Habang nasa view ng mga nabisitang lungsod o view ng mga nabisitang bansa, pindutin nang matagal ang 7R button upang mailagay ang listahan ng mga pangalan.
2. I-scroll ang listahan sa pamamagitan ng pagpindot sa 7R button at sa ibabang button.
3. Upang lumabas sa listahan, pindutin ang gitnang button.

 **PAALALA:** Suunto Kailash ay gumagamit ng pang-heograpikong database na GeoNames sa ilalim ng lisensyang Creative Commons Attribution 3.0. Ang database sa Suunto Kailash ay naglalaman ng mahigit 6,000 lugar sa buong mundo na may malaking populasyon. Magkakaiba ang mga pamantayan sa pagpili sa bawat bansa at isinasaalang-alang ang heograpikong laki at populasyon ng bawat bansa.

3.2. Alarm clock

Maaari kang mag-set ng isang pang-araw-araw na alarma. Kapag ise-set mo ang alarma, lalabas ang alarma sa timeline.



Upang i-set ang alarma:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang gitnang button upang pumasok sa **Time & date** (Oras at petsa).
3. Pindutin ang gitnang button upang pumasok sa setting ng alarma.
4. I-on ang alarma at kumpirmahin.
5. I-set ang oras at ang mga minuto at kumpirmahin.
6. Lumabas sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa gitnang button.


3.3. Baterya

Kapag umabot na sa 10% ang level ng baterya, makakakita ka ng pop-up na nagbibigay-alam sa iyo na mababa na ang level ng baterya.


Kapag umabot sa napakababa ang level ng baterya, makakakita ka ng notipikasyong mag-recharge.

Sa puntong ito, magsisimulang magpatay-sindi ang icon na baterya na nasa ibaba ng timeline view. Awtomatikong mag-o-off ang mga feature na navigation at connectivity hanggang sa mai-recharge ang relo.

I-recharge ang relo sa pamamagitan ng pagkakabit ng inilaang cable sa relo at pagpa-plug sa dulo ng USB sa computer o sa charger na pangdingding.



Ang itatagal ng baterya sa isang pag-charge ay nakabatay sa kung paano ginagamit ang Suunto Kailash. Ang mabababang temperatura, halimbawa, ay nakakabawas sa itatagal ng isang pag-charge. Sa pangkalahatan, ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal.

 **PAALALA:** Kung sakaling may hindi normal na pagbaba sa kakayahan dahil sa may depektong baterya, sinasaklaw ng warranty ng Suunto ang pagpapalit sa baterya sa loob ng 1 taon o para sa maximum ng 300 beses na pagcha-charge, alinman ang mauna.

3.4. Backlight

Suunto Kailash ay may dalawang ilaw: isang karaniwang backlight at isang sobrang maliwanag na backlight na maaari mong gamitin bilang flashlight (tingnan ang 3.11. Flashlight).

Upang i-activate ang backlight, pindutin nang matagal ang ibabang button hanggang sa mag-on ang backlight.

Ang backlight ay may tatlong mode na maaaring baguhin sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL (PANGKALAHATAN) » Display (Display)» Backlight mode (Mode ng backlight)**.

- **Night (Gabi):** Kapag pinindot ang anumang button, maa-activate ang backlight sa loob ng 8 segundo.
- **Normal (Karaniwan) (default):** Kapag pinindot nang matagal ang button, maa-activate ang backlight sa loob ng 8 segundo.
- **Toggle (I-toggle):** Kapag pinindot nang matagal ang button, maa-activate ang backlight at mananatiling naka-on hanggang sa pinduting muli ang ibabang button.
- **Off (Naka-off):** Walang backlight.


Maaari ding i-adjust ang antas ng liwanag ng backlight sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL (PANGKALAHATAN) » Display (Display)» Backlight brightness (Liwang ng backlight)**.

3.5. Ang Compass


Suunto Kailash ang isang digital na compass na maaari mong gamitin upang malaman ang iyong posisyon habang nasa lupa o sa dagat. Tinutulungan ng pagkiling ang compass, kung kaya't nakaturo ang karayom sa hilaga kahit na hindi mo ito hinahawakan sa level ng relo.

Naka-off ang compass view bilang default. Maaari mong i-on ang compass view sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **LOCATION (LOKASYON) » Compass (Compass)**.

Kapag naka-activate, maaari mong mapuntahan ang compass mula sa navigation view sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button nang minsan o dalawang beses, depende sa kung ilang mga POI ang mayroon ka.



Sinisiguro ng pagka-calibrate sa compass ang pagiging tumpak nito. Kailangan mong i-calibrate ang compass kapag ginamit mo ito sa unang pagkakataon o pagkatapos ng isang software update. Upang i-calibrate ang compass, igalaw ang iyong braso sa paraang gumuguhit ng numero 8.



Maaari mong ulitin ang pagka-calibrate anumang oras sa navigation display sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa ibabang button.

3.6. Countdown timer

Maaari mong simulan ang countdown timer sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **TIME & DATE (ORAS AT PETA)** » **Countdown** (Countdown). Kapag na-set mo na ang countdown time, ipinapakita ng relo ang na-set na oras at ang bar ng countdown.



Upang i-activate ang timer ng countdown:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang gitnang button upang pumasok sa **TIME & DATE (ORAS AT PETA)**.
3. Mag-scroll sa **Countdown** (Countdown) at pindutin ang gitnang button.
4. I-set ang mga oras at minuto at kumpirmahin.
5. Lumabas sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa gitnang button.

Simulan at ihinto ang timer sa pamamagitan ng pagpindot sa 7R button. Habang tumatakbo ang timer, maaari kang lumaktaw patungo sa susunod na minuto (zero ang mga segundo) sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button.

Maaari mong i-reset ang timer sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa 7R button.

Kapag natapos na ang timer, maaari kang bumalik sa pangunahing display ng oras sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button.

3.7. Kulay ng display

Bilang default, may madilim na background ang display. Maaari mong i-invert ang mga kulay upang gawing mas maliwanag ang background sa pamamagitan ng pag-i-invert sa display. Maaari mong gawin ito sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL (PANGKALAHATAN)** » **Display** (Display) » **Invert display** (I-invert ang display).

3.8. Display contrast


Ang display contrast bilang default ay 50%. Maaari mong i-adjust ang value sa pagitan ng 0% at 100% sa ilalim ng **GENERAL (PANGKALAHATAN)** » **Display** (Display) » **Display contrast** (Display contrast).

3.9. Pag-explore sa activity mode

Suunto Kailash susuriin ang iyong lokasyon sa bawat 10 minuto upang i-update ang iyong oras, posisyon at 7R statistics. Sa karaniwang pang-araw-araw na paggamit, sapat lang ang agwat na ito upang magbigay sa iyo ng magandang mga detalye sa paglalakbay habang mina-maximize ang baterya.

Gayunpaman, may mga pagkakataon na gusto mo ng mga mas espesipikong detalye, gaya ng pagtakbo sa umaga sa isang bagong lungsod o pagha-hike sa isang lokal na pambansang liwasan.


Gumagamit ang activity mode ng high power GPS at GLONASS na may takdang pagitan na isang segundo upang bigyan ka ng mas tumpak na pagsubaybay para sa pagna-navigate sa mga parke at kalye sa lungsod, gayundin ang pagdaragdag ng katumpakan ng iyong 7R statistics.

 **PAALALA:** Ginagamit lang ang GLONASS sa activity mode. Gumagamit ng GPS ang normal na pagsubabay para sa 7R statistics.

Upang simulan ang activity mode, pindutin lang nang matagal ang 7R button.

Habang nasa activity mode, ipinapakita ng display ang:

- Top row: chronograph
- Middle row: distansya
- Bottom row: bilis, pace, average na pace, oras, altitude, antas ng baterya



Maaari mong baguhin ang bottom row view sa pamamagitan ng pagpindot sa lower button. Pindutin ang middle button upang mag-navigate sa espesipikong lokasyon (tingnan ang 3.10. *Hanapin ang pabalik*).

Maaari mong i-pause at ipagpatuloy ang activity mode sa pamamagitan ng pagpindot sa 7R button. Upang ihinto ang activity mode, pindutin nang matagal ang 7R button. Kung puno ang baterya, maaari kang mag-record ng mga pitong oras gamit ang activity mode.

Awtomatikong made-deactivate ang activity mode kung:

- walang nakuhang GPS signal sa loob ng 30 minuto
- bumaba sa 10% ang antas ng baterya

Kapag awtomatikong huminto ang activity mode, aabisuhan ka ng relo ng mensaheng **Resuming normal GPS** (ipagpapatuloy ang normal na GPS).

O kaya naman, maaari mong i-deactivate ang activity mode anumang oras sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa 7R button. Inirerekomenda namin ang pagde-deactivate ng activity mode kung magtatagal ka ng ilang sandali sa isang lugar, gaya ng paghinto para sa isang picnic kapag nagha-hike, upang mabawasan ang paggamit ng baterya.

Mga Log

Sa tuwing gagamitin mo ang activity mode, mag-iimbak ang iyong relo ng isang log ng pagrecord sa logbook. Bilang karagdagan sa oras at petsa, ipinapakita rin ng log ang distansya, tagal, average na bilis, maximum na bilis at average na pace.

Upang tingnan ang mga activity log:

1. Pindutin nang matagal ang middle button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scrrol pababa sa **ACTIVITY LOGS** (MGA ACTIVITY LOG) sa pamamagitan ng lower button at pindutin ang middle button.
3. Mag-scroll sa listahan ng mga log gamit ang upper at lower button at pumili ng isang log gamit ang middle button.

4. Lumabas sa log sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa gitnang button.


Hanggang 100 log ang maaaring iimbak sa logbook. Kapag puno na ang logbook, unang mabubura ang mga pinakalumang log.

3.10. Hanapin ang pabalik

Ang pagpindot sa gitnang button ay magdadala sa iyo sa view ng navigation gamit ang Hanapin ang pabalik. Ibinibigay sa iyo ng Hanapin pabalik ang direksyon at distansya tungo sa isang Point of Interest o sa lokasyon ng iyong tahanan.

Ginagamit ng Hanapin pabalik ang parehong GPS at digital na compass. Kung hindi mo pa nagagamit ang compass dati, kailangan mong i-calibrate ang compass bago lumabas ang navigation view.

Maaari kang mag-navigate tungo sa iyong tahanan (kung naka-set ang lokasyon ng tahanan, tingnan ang 2.3. *Lokasyon ng tahanan*) o ang isang Point of Interest na tinukoy mo batay sa kasalukuyan mong lokasyon.



Pindutin ang ibabang button upang palitan ang Point of Interest o upang tingnan ang compass view.

Ang Point of Interest (POI)

Suunto Kailashay maaaring maglagay ng dalawang Point of Interest (Mga POI). Ang isa ay ang lokasyon ng iyong tahanan, at ang isa pa ay isang POI na maaari mong i-save gamit ang kasalukuyan mong lokasyon.

Upang mag-save ng POI, gaya ng isang hotel sa isang lungsod na binibisita mo sa unang pagkakataon:


1. Pindutin ang gitnang button upang lumipat sa display ng navigation.
2. Kapag nasa lokasyon ka na gusto mong markahan bilang iyong POI, pindutin ang 7R button.
3. Hintayin ang relong makasagap ng signal ng GPS at kumpirmahing naka-save na ang lokasyon.

Ipinapakita ang oras kung kailan mo na-save ang POI katabi ng icon ng POI sa navigation display.

3.11. Flashlight

Bilang karagdagan sa karaniwang backlight, ang Suunto Kailash ay may ekstrang maliwanag na backlight na maaari mong gamiting flashlight.

Upang i-activate ang flashlight, pindutin nang matagal ang ibabang button ng ilang segundo hanggang sa maging mas maliwanag at hanggang sa lumabas ang flashlight na icon.



Mananatiling naka-on ang flashlight sa loob ng 4 na minuto. Para i-off ito, pinduting muli ang ibabang button.

3.12. GPS


Ginagamit ng Suunto Kailash ang GPS navigation satellite system.

Naka-on ang GPS bilang default at ginagamit para sa mga pangunahing feature ng Suunto Kailash, gaya ng mga pag-a-update ng oras at lokasyon at ng 7R logbook. Gayunpaman, maaari mong i-off ang GPS kung kailangan sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **LOCATION (LOKASYON) » GPS (GPS)**.

Maaaring kapansin-pansing mag-iiba-iba ang pagsagap ng signal ng GPS depende sa kung nasaang lugar ka sa daigdig at sa paligid na malapit sa iyo.

Ang pinakamagandang signal ay nakukuha sa labas kung saan nakikita nang malinaw ang kalangitan.














Gayunpaman, ang mga gusali, masukal na kagubatan o maulap na lagay ng panahon ay nakakabawas sa kalidad ng pagsagap ng GPS signal. Mahina ang signal sa mga nag-o-orbit na satellite, kaya hindi ito makatagos sa anumang mga solidong istruktura o sa tubig. Kaya naman, habang ikaw ay nasa iyong tahanan, opisina o ilang iba pang gusali, karaniwang hindi gumagana ang pagsagap ng GPS sa iyong relo.



3.13. Mga Icon

Suunto Kailash ay gumagamit ng mga sumusunod na icon:

Icon	Paglalarawan
	Pang-araw-araw na alarm:
	Antas sa pagcha-charge ng baterya
	Aktibidad ng Bluetooth
	Mga indicator ng pindutan na button
	Chronograph
	Pababa/bawasan

Icon	Paglalarawan
	Flashlight
	Lakas ng GPS signal
	Papasok na tawag
	Mensahe/abiso
	Hindi nasagot na tawag
	Susunod/kumpirmahin
	Na-pause/inihinto
	Punto ng interes
	Mga Setting
	Abiso ng bagyo
	Pagsikat ng araw
	Paglubog ng araw
	Pataas/dagdagan

3.14. Mga software update sa SuuntoLink

Maaari mong i-update ang Suunto Kailash gamit ang kasamang USB cable at isang PC o Mac. Lubusan naming inirerekomenda ang pag-a-update sa software agad-agad sa oras na maging available ang isang update. Magbibigay ng mahahalagang pagpapahusay ang mga update para sa iyong kapakinabangan.

Bago i-update ang firmware, tiyaking nakakonekta nang mabuti ang cable.

Upang i-update ang software ng iyong Suunto Kailash:

1. I-install ang SuuntoLink kung hindi mo pa ito nagagawa. Bumisita sa suunto.com/support para sa higit pang mga detalye.
2. Ikonekta ang iyong Suunto Kailash sa computer gamit ang kasamang USB cable.
3. Kung may available na update, ipa-prompt ka na i-update ang iyong relo. Hintaying matapos ang update bago i-unplug ang USB cable.


3.15. Pambilang ng hakbang

Ang tagabilang ng hakbang ay available bilang view sa pangunahing display ng oras, at ipinapakita sa iyo kung ilang mga hakbang ang nagagawa mo na sa araw na ito.

Maaari mong i-on/i-off ang view ng tagabilang ng hakbang sa menu ng mga option sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Views** (Mga View) » **Steps** (Mga Hakbang).

Bilang karagdagan, kinakalkula ng Suunto Kailash ang iyong average na mga pang-araw-araw na hakbang sa loob ng nakalipas na 30 araw at ipinapakita ang average sa iyong 7R logbook (tingnan ang 3.1. 7R logbook).

Isinasama sa pagkalkula ang mga araw lang kung kailan gumugol ka ng higit sa 1,000 hakbang.

 **PAALALA:** Ang pagbibilang ng hakbang ay batay sa iyong paggalaw gaya ng sinusukat ng mga sensor sa relo. Ang mga value na ibinibigay ay mga pagtatantya at hindi nilayon para sa anumang uri ng mga medikal na paggagamot. Ibinibigay lang ang mga ito upang suportahan ka sa iyong pagtatak ng isang buhay na aktibo at may magandang kalusugan.

3.16. Stopwatch

Maaari mong i-activate ang stopwatch sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **TIME & DATE (ORAS AT PETA)** » **STOPWATCH** (Stopwatch). Pagkatapos mong i-activate ang stopwatch, lalabas ang timer.



Simulan at ihinto ang timer sa pamamagitan ng pagpindot sa 7R button.

Maaari mong i-reset ang timer sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa 7R button.

Kapag natapos na ang timer, maaari kang bumalik sa pangunahing display ng oras sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button.

3.17. Suunto 7R App

I-pair ang iyong Suunto Kailash sa Suunto 7R App upang makakuha ng mga notipikasyon sa iyong relo, i-customize ang mga setting ng relo, pati na rin ang ibahagi ang iyong mga paglalakbay.

3.17.1. Pagpe-pair sa Suunto 7R App

Kung hindi mo pa nape-pair ang iyong relo sa Suunto 7R App, ipo-prompt ka ng relo na magpe-pair ka sa unang pagkakataong papasok ka sa mga setting ng **CONNECTIVITY (CONNECTIVITY)**.

Upang i-pair ang relo at ang app:

1. I-download at i-install ang Suunto 7R App sa compatible mong Apple device mula sa iTunes App Store.
2. Simulan ang app at i-on ang Bluetooth kung hindi pa ito naka-on. Iwanang nakabukas ang app sa foreground sa iyong mobile device.
3. Sa iyong relo, pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
4. Mag-scrrol sa **CONNECTIVITY (CONNECTIVITY)** sa pamamagitan ng ibabang button at pumili gamit ang gitnang button.

5. Piliin ang **Yes** (Oo) sa tanong na **Pair MobileApp?** (Ipe-pair ba ang MobileApp?).
6. Ilagay ang passkey na ipinapakita sa display ng iyong relo sa field ng kahilingan sa pagpe-pair sa iyong mobile device at i-tap ang **Pair** (I-pair).

3.17.2. Bluetooth

Naka-on ang Bluetooth sa Suunto Kailash bilang default. Awtomatiko itong nag-a-activate upang magpadala sa at tumanggap ng impormasyon mula sa iyong mobile device kapag nai-pair mo ang iyong sa sa Suunto 7R App.


Gayunpaman, kung hindi mo ginagamit ang app, o ayaw mong i-on ang Bluetooth, maaari mo itong i-off. Tandaang makikita lang ang setting ng Bluetooth kung naka-pair na ang iyong phone at relo.

Upang i-on/i-off ang Bluetooth:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scrrol sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) sa pamamagitan ng ibabang button at pumili gamit ang gitnang button.
3. Mag-scrrol sa **Bluetooth** (Bluetooth) sa pamamagitan ng ibabang button at pumili gamit ang gitnang button.
4. I-on/i-off sa pamamagitan ng 7R o ng ibabang button at kumpirmahin sa pamamagitan ng gitnang button.
5. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang lumabas.

3.17.3. Mga notipikasyon

Kung na-pair mo na ang iyong Suunto Kailash sa Suunto 7R App, maaari kang tumanggap ng tawag, mensahe at ng mga push notification sa relo.



Awtomatikong nawawala ang mga notipikasyon kapag natingnan mo na ang mga ito sa iyong smartphone.

Upang i-on/i-off ang mga notipikasyon:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scrrol sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) sa pamamagitan ng ibabang button at pumili gamit ang gitnang button
3. Mag-scrrol sa **Notifications** (Mga Notipikasyon) sa pamamagitan ng ibabang button at pumili gamit ang gitnang button.
4. Magpalipat-lipat sa naka-on o naka-off sa pamamagitan ng 7R o ng ibabang button at kumpirmahin sa pamamagitan ng gitnang button.
5. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang lumabas.

3.18. Oras

Maaari mong gamitin ang Suunto Kailash upang subaybayan ang tatlong iba't ibang oras: lokal na oras, oras ng tahanan at pandaigdigang oras.

Ang lokal na oras ay ang oras sa iyong kasalukuyang lokasyon. Tingnan ang *3.18.1. Lokal na oras*.

Ang oras ng tahanan ay ang oras sa pangunahin mong tirahan, na maaari mong tukuyin sa pamamagitan ng setting sa lokasyon ng tahanan. Tingnan ang *3.18.2. Oras ng tahanan*.

Ang pandaigdigang oras ay ang oras sa isang lokasyon na pinili mo, gaya ng pangalawang opisina o ng paborito mong bakasyunan. Tingnan ang *3.18.3. Pandaigdigang Oras*.

3.18.1. Lokal na oras


Ang lokal o pangunahing oras ay ang oras sa kasalukuyan mong lokasyon. Awtomatiko itong mase-set at patuloy na maa-update hangga't naka-on ang oras ng GPS at DST. Kung ise-set mo ang lokal na oras nang manu-mano, ia-update pa rin ito nang awtomatiko maliban na lang kung io-off mo ang oras ng GPS (tingnan ang *3.18.7. Oras ng GPS*).

Maaari mong i-adjust ang lokal na oras nang manu-mano sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **TIME & DATE (ORAS AT PETSA) » Time & date (Oras at petsa)**.

3.18.2. Oras ng tahanan

Ang oras ng tahanan ay pangalawa at opsyonal na oras na maaari mong subaybayan sa sandaling mai-set mo na ang iyong lokasyon ng tahanan (tingnan ang *2.3. Lokasyon ng tahanan*). Pananatiliing napapanahon ang oras ng tahanan ayon sa oras ng GPS at DST.

Makikita ang oras ng tahanan sa display ng timeline kung ang oras ng iyong tahanan ay iba sa pangunahin mong oras, halimbawa, kung nagbibiyahe ka. Pindutin ang ibabang button upang magpalit ng mga view at makita ang oras ng iyong tahanan.



3.18.3. Pandaigdigang Oras

Ang pandaigdigang oras ay opsyonal na setting ng oras na maaari mong gamitin, halimbawa, para masubaybayan ang oras sa isang pangalawang internasyonal na opisina. Maaari itong maging kahit aling pangunahing lungsod sa mundo.

Para i-set ang pandaigdigang oras:

1. Pindutin nang matagal ang gitnang button upang pumunta sa menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang ibabang button upang mag-scroll sa **TIME & DATE (ORAS AT PETSA)** at pumili sa pamamagitan ng gitnang button.
3. Pindutin ang ibabang button upang mag-scroll sa **World time (Pandaigdigang oras)** at pumili sa pamamagitan ng gitnang button.
4. I-set ang **World time (Pandaigdigang oras)** sa **On (Naka-on)** sa pamamagitan ng 7R na button.

- Mag-scroll sa pamamagitan ng ibabang button patungo sa listahan ng kontinente at Pumili ng **Continent** (Kontinente) sa pamamagitan ng gitnang button.
- Ulitin ito patungo sa **Country** (Bansa) pagkatapos ay sa **City** (Lungsod).



3.18.4. Mga view na oras

Ipinakikita ang karagdagang impormasyon sa mga view sa ilalim ng pangunahing display ng oras. Umikot sa mga view sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button. Ang default na mga view ay baterya, altitude, pagsikat/paglubog ng araw, pambilang ng hakbang, mga segundo at petsa.



Opsyonal ang karamihan sa mga view na ito at kung gusto, maaaring i-off ang mga ito sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Views** (Mga View).

3.18.5. Pagsikat/paglubog ng araw

Ayon sa iyong kasalukuyang lokasyon ang pagsikat at paglubog ng araw. Available ito bilang isang view sa display ng timeline at maaaring i-on/i-off sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Views** (Mga View).

3.18.6. Petsa

Ayon sa iyong kasalukuyang lokasyon ang makikitang petsa sa display ng timeline. Maaari mong i-on/i-off ang view na ito sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Views** (Mga View).

Awtomatikong naa-update ang petsa kapag naka-on ang oras ng GPS. Maaari mong baguhin nang mano-mano ang petsa sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **TIME & DATE** (ORAS AT PETA) » **Time & date** (Oras at petsa).

3.18.7. Oras ng GPS

Maaaring gamitin ang oras ng GPS upang panatilihin ang iyong (mga) oras. Kapag nagbibiyaha ka patungo sa isang bagong time zone, awtomatikong susuriin at ia-update ng relo ang iyong (mga) oras nang naaayon.

Naka-on ang oras ng GPS bilang default. Maaari mo itong i-off sa menu ng mga option sa ilalim ng **TIME & DATE** (ORAS AT PETA) » **Time & date** (Oras at petsa).

3.18.8. Daylight Saving Time (DST)

Kung gumagamit ka ng oras na GPS (tingnan ang 3.18.7. *Oras ng GPS*), maaari mo ring awtomatikong i-adjust ang iyong oras para sa Daylight Saving Time (DST). May tatlong opsyon ang setting ng DST.

- **Automatic** (Awtomatiko) – awtomatikong pag-a-adjust ng DST batay sa lokasyon ng GPS
- **Winter time** (Oras ng taglamig) – palaging oras ng taglamig (walang DST)
- **Summer time** (Oras ng tag-araw) – palaging ginagamit ang oras ng tag-araw

Maaari mong i-adjust ang setting ng DST sa ilalim ng **TIME & DATE** (ORAS AT PETA) » **Time & date** (Oras at petsa). Tandaang makikita lang ang setting kung naka-on ang oras ng GPS.

3.19. Mga tono at vibration

Ginagamit ang mga alerto na tono at vibration para sa mga notipikasyon, alarma at iba pang mahahalagang kaganapan. Parehong maaaring i-adjust nang magkahiwalay sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Tones & Vibra** (Mga Tono at Vibra).

Para sa bawat uri ng alerto, maaari kang pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

- **All on** (Naka-on lahat): iti-trigger ng lahat ng mga kaganapan ang mga tone/vibration
- **All off** (Naka-off lahat): walang mga kaganapan ang magti-trigger sa mga tono/vibration
- **Buttons off** (Naka-off ang mga button): iti-trigger ang mga tono/vibration ng lahat ng kaganapan maliban sa pagpindot sa mga button

3.20. Mga Unit

I-di-display ang mga unit sa metric o imperial system. Maaaring baguhin ang unit system sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Formats** (Mga Format) » **Unit system** (Unit system).

3.21. Mga indicator ng panahon



Suunto Kailash ay may dalawang indicator ng panahon: lagay ng panahon at hudyat ng bagyo.

Ang indicator ng lagay ng panahon ay makikita bilang isang view sa display ng oras, na magbibigay sa iyo ng mabilis na paraan upang matingnan ang pabago-bagong lagay ng panahon.



Ang indicator ng lagay ng panahon ay binubuo ng dalawang linyang bumubuo ng arrow. Ang bawat linya ay sumasagisag sa 3-oras. Ang pagbabago sa barometric pressure na mas malaki sa 2 hPa (0.59 inHg) sa mahigit tatlong oras ay nagiging dahilan ng pagbabago sa direksyon ng arrow. Halimbawa:

↙	matindi ang pagbaba ng pressure sa nakalipas na anim na oras
---	--

	hindi nagbabago ang pressure, ngunit matindi ang pagtaas sa nakalipas na tatlong oras
	matindi ang pagtaas ng pressure, ngunit matindi ang pagbaba sa nakalipas na tatlong oras

Alarma ng bagyo

Ang ibig sabihin ng malaking pagbagsak sa barometric pressure ay karaniwang magkakabagyo at kailangan mong sumilong. Kapag ang aktibo ang alarma ng bagyo Magpapatunog ang Suunto Kailash ng alarma at magfa-flash ng simbolo ng bagyo kapag bumaba ang pressure sa 4 hPa (0.12 inHg) o mas mababa pa sa loob ng 3 oras.

Kapag tumunog ang alarma ng bagyo, tinatapos ng pagpindot sa kahit anong button ang alarma. Kung walang pipindutin na button, uulit ang alarma ng isang beses pagkatapos ng limang minuto. Mananatiling nasa display ang simbolo ng bagyo hanggang sa umayos ang lagay ng panahon (kapag bumagal ang pagbagsak ng pressure).

4. Pag-iingat at suporta

4.1. Mga gabay sa pangangalaga


Ingatan ang relo – huwag ito ibabangga o ibabagsak.

Sa karaniwang mga sitwasyon, hindi kakailanganing ayusin ang relo. Palaging banlawan ito gamit ang malinis na tubig, banayad na sabon, at dahan-dahang linisin ang kaha gamit ang mamasa-masa at malambot na tela o chamois.

Gumamit lamang ng mga orihinal na aksesorya ng Suunto - ang pinsalang sanhi ng mga hindi orihinal na aksesorya ay hindi sagot ng warranty.

4.2. Water resistance (hindi pinapasok ng tubig)

Suunto Kailash ay hindi pinapasok ng tubig hanggang 100 meter (330 feet). Ang bilang ng metro ay kaugnay ng aktuwal na lalim ng pagsisid at nasubok na sa presyon ng tubig na ginamit sa kahabaan ng pagsubok sa pagiging water resistant ng Suunto. Nangangahulugan ito na magagamit mo ang relo sa paglalangoy at snorkeling, ngunit hindi ito dapat gamitin sa anumang uri ng pagsisid.

 **PAALALA:** Ang pagiging water resistant ay hindi katumbas ng lalim na magagamit para gumana. Ang mga marka para sa pagiging water resistant ay tumutukoy sa kung gaano kasarado laban sa hangin/tubig na nakakatagal sa pagsha-shower, paliligo, paglangoy, pagsisid sa pool at snorkeling.

Upang mapanatili ang pagiging water resistant, inirerekomenda na:

- huwag kailanman gagamitin ang device maliban sa pinaglaanan dito.
- makipag-ugnayan sa isang awtorisadong serbisyo ng Suunto, distributor o retailer para sa anumang kakailanganing pag-aayos.
- panatilihin malinis at walang dumi at buhangin ang device.
- huwag kailanman susubukang buksang mag-isa ang kaha.
- iwasang sumailalim ang device sa mabilis na pagbabago ng temperatura ng hangin at tubig.
- palaging linisin ang iyong device gamit ang malinis na tubig kung nabasa ito sa tubig-alat.
- huwag kailanman ibabangga o ihuhulog ang device.

4.3. Pagkuha ng suporta

Upang makakuha ng dagdag na suporta, bumisita sa www.suunto.com/support. Doon ay makakakita ka ng komprehensibong koleksyon ng mga materyales para sa suporta, kasama na ang Mga Tanong at Sagot at mga video sa pagtuturo. Maaari ka ring mag-post ng mga tanong nang direkta sa Suunto o mag-email/tumawag sa mga propesyonal sa suporta ng Suunto.

Marami ring how-to na mga video sa Suunto YouTube channel sa www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto.

Upang makakuha ng suporta mula sa Suunto:

1. Magparehistro sa www.suunto.com/register.

2. Bumisita sa Suunto.com (www.suunto.com/support) upang makita kung naitanong na/nasagot na ang iyong tanong.
3. Magpunta sa **CONTACT SUUNTO**(Makipag-ugnayan sa Suunto) upang magsumite ng tanong o tumawag sa amin sa alinmang nakalistang numero sa suporta. O kaya ay magpadala sa amin ng email sa support@suunto.com Mangyaring isama ang pangalan ng produkto, ang serial number at isang detalyadong paglalarawan sa issue. Tutulungan ka ng kwalipikadong kawani sa customer support ng Suunto at, kung kinakailangan ay, i-troubleshoot ang iyong produkto sa tawag din na iyon.

5. Reperensya

5.1. Mga teknikal na detalye

Pangkalahatan

- Temperatura sa pagpapagana: -20° C hanggang +60° C/-5° F hanggang +140° F
- Temperatura sa pag-charge ng baterya: 0° C hanggang +35° C/+32° F hanggang +95° F
- Temperatura ng paglalagyan: -30° C hanggang +60° C/-22° F hanggang +140° F
- Timbang: 2.50 oz
- Tatag sa tubig: 100 m (328 ft)
- Salamin: Kristal na sapphire
- Bezel: Titanium Gr5 (space grade)
- Power: rechargeable lithium-ion battery
- Buhay ng baterya: ~ 4-10 araw, depende mga kalagayan

Radio transceiver

- Akma sa Bluetooth® Smart
- Frequency ng komunikasyon: 2402-2480 MHz
- Maximum na transmission power: <0 dBm (conducted)
- Nasasaklaw: ~3 m/9.8 ft

Altimeter

- Saklaw ng display: -500 m hanggang 9999 m (-1640 ft hanggang 32805 ft)
- Resolution: 1.09 yd (3 ft)

Compass

- Resolution: 1 degree (18 mils)

GPS

- Teknolohiya: SiRF star V
- Resolution: 1 m/3 ft
- Frequency band: 1575.42 MHz

Manufacturer

Suunto Oy

Tammiston kauppatie 7 A

FI-01510 Vantaa

FINLAND

5.2. Pagsunod

5.2.1. CE

Inihahayag ng Suunto Oy na ang device na ito ay nakasusunod sa mahahalagang hinihingi at iba pang kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC.

5.2.2. Pagsunod sa FCC

Ang device na ito ay sumusunod sa Part 15 ng mga Panuntunan ng FCC. Ang pagpapagana ay maaaring mapailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

- (1) ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng nakapipinsalang interference, at
- (2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang dumadating na interference, kasama ang interference na maaaring magdulot ng hindi gustong paggana. Ang produktong ito ay nasubok nang sumusunod sa mga pamantayan ng FCC at itinakda para gamitin sa tahanan o opisina.

Ang mga pagpapalit o pagbabago na hindi hayagang naaprubahan ng Suunto ay maaaring magpawalang-bisa sa iyong awtoridad na paganahin ang device na ito sa ilalim ng mga regulasyon ng FCC.

PAALALA: Ang kagamitang ito ay nasubukan at napatunayan nang sumusunod sa mga limitasyon para sa Class B na digital device, alinsunod sa Part 15 ng Mga Panuntunan ng FCC. Idinisenyo ang mga limitasyong ito upang maglaan ng makatwirang proteksyon laban sa nakapipinsalang interference sa pagkakabit sa tahanan. Ang kagamitang ito ay bumubuo, gumagamit at maaaring maglabas ng radio frequency energy at, kung hindi ikinabit at ginamit nang naayon sa mga tagubilin, maaari itong magdulot ng mapanganib na interference sa mga komunikasyon ng radyo. Gayunpaman, walang garantiya na hindi mangyayari ang interference sa isang partikular na pagkakabit. Kung magdudulot ng nakapipinsalang interference ang kagamitang ito sa pagsagap ng radyo o telebisyon, na maaaring malaman sa pamamagitan ng pag-o-off at pag-o-on sa kagamitan, hinihimok ang gumagamit na subukang itama ang interference sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isa o higit pa sa mga sumusunod na hakbang:

- Muling ayusin ang direksyon o posisyon ng antena.
- Mas ilayo pa ang kagamitan mula sa receiver.
- Isaksak ang kagamitan at receiver sa mga outlet sa magkaibang circuit.
- Kumonsulta sa dealer o isang bihasang technician ng radio/TV para sa tulong.

5.2.3. IC

Ang device na ito ay sumusunod sa (mga) pamantayang license-exempt RSS ng Industry Canada. Ang paggamit ay sasailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

- (1) ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng interference, at
- (2) ang device ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, pati na ang interference na maaaring magdulot ng hindi nais na operasyon ng device.

5.2.4. NOM-121-SCT1-2009

The operation of this equipment is subject to the following two conditions: (1) it is possible that this equipment or device may not cause harmful interference, and (2) this equipment or

device must accept any interference, including interference that may cause undesired operation of the equipment or device.

5.3. Ang tatak-pangkalakal

Suunto Kailash, mga logo nito, at iba pang tatak-pangkalakal ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba.

5.4. Abiso ng patent

Ang produktong ito ay protektado ng mga nakabinbing aplikasyon sa patent at ng kanilang mga kaukulang pambansang karapatan: FI 20155573, US 7,271,774, US 13/794,468, US 14/195,670.

Naisumite na ang mga karagdagang aplikasyon para sa patent.

5.5. International Limited Warranty

Tinitiyak ng Suunto na sa Panahong Saklaw ng Warranty ay aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit, o c) pagsasauli ng bayad, alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon ng International Limited Warranty na ito. Ang International Limited Warranty na ito ay may-bisa at maipapatupad saanmang bansa binili ang produkto. Hindi naaapektuhan ng International Limited Warranty na ito ang iyong mga legal na karapatan, na ipinagkakaloob sa ilalim ng iniaatas na batas ng bansa sa pagbebenta ng mga produktong pang-consumer.

Panahong Saklaw ng Warranty

Ang Panahong Saklaw ng International Limited Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na retail na pagbili.

Ang Panahong Saklaw ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa Mga Relo, Smart Watch, Dive Computer, Heart Rate Transmitter, Dive Transmitter, Dive Mechanical Instrument, at Mechanical Precision Instrument maliban kung iba ang nakasaad.

Ang Panahong Saklaw ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga Suunto chest strap, watch strap, charger, cable, nare-recharge na baterya, bracelet at hose.

Ang saklaw ng garantiya ay limang (5) taon para sa mga pagkasira na may kaugnayan sa pagsukat sa kalaliman (presyur) na sensor sa Suunto Dive na mga kompyuter.

Mga Hindi Kabilang at Limitasyon

Hindi sinasaklaw ng International Limited Warranty na ito ang:

1. a. normal na pagkasira gaya ng mga gasgas, pilas, o pag-iiba ng kulay at/o ng materyal ng mga strap na hindi metallic, b) mga depektong mula sa di-maingat na paggamit, o c) mga depektong mula sa taliwas na o nirerekomandang paggamit, maling pag-iingat, pagpapabaya, at mga aksidenteng tulad ng pagkabagsak o pagkadurog;
2. mga naka-print na sanggunian at packaging;

3. mga depekto o di-umanong depektong dulot ng paggamit kasama ng ibang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi gawa o hindi galing sa Suunto;
4. mga bateryang hindi nare-recharge.

Hindi ginagarantiyahan ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o na gagana ang Produkto o aksesorya kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Ang International Limited Warranty na ito ay hindi maipapatupad kapag ang Produkto o aksesorya ay:

1. nabuksan nang lampas sa itinakdang paggamit;
2. nakumpuni gamit ang mga di-awtorisadong parte; binago o kinumpuni ng di-awtorisadong Service Center;
3. natanggal, binago o ginawang hindi na mababasa sa anumang paraan ang serial number, at ibabatay ito sa sa tanging pagpapasya ng Suunto; o
4. nababad sa mga kemikal kabilang ngunit hindi limitado sa sunscreen at mga panlaban sa lamok.

Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty

Dapat ay magbigay ka ng katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Dapat mo ring irehistro ang iyong produkto online sa www.suunto.com/register upang makatanggap ng mga serbisyo ng international na warranty sa buong mundo. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa www.suunto.com/warranty, makipag-ugnayan sa iyong lokal na retrailer ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.

Limitasyon ng Pananagutan

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang International Limited Warranty na ito ay ang iyong natatangi at eksklusibong remedyo at papalitan nito ang lahat ng iba pang warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa espesyal, incidental, pagpaparusa o mga kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol sa ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.

5.6. Karapatang magpalathala

© Suunto Oy 9/2015. Lahat ng karapatan ay nakareserba. Ang Suunto, mga pangalan ng produktong Suunto, ang mga logo ng mga ito at iba pang mga tatak-pangkalakal at pangalan ng marka ng Suunto ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at ang mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy at inilalaan lamang para sa paggamit ng mga kliyente upang makakuha ng kaalaman at impormasyon hinggil sa operasyon ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para sa anumang ibang dahilan at/o ipagsabi sa anumang paraan, ibunyag o kopyahin nang walang paunang nasusulat na pahintulot ng Suunto Oy. Habang ganap naming iningatanang matiyak na ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay

parehong komprehensibo at tumpak, walang garantiya sa katumpakan ang ipinapahayag o ipinapahiwatig. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago anumang oras nang walang abiso. Ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito ay maaaring i-download mula sa www.suunto.com

Index

7R statistics.....	8	mga display.....	6
activity mode.....	11	mga notipikasyon.....	17
alarm clock.....	8	mga setting.....	5
backlight.....	9	mga tono.....	20
baterya.....	9	mga view.....	6 , 19
bersyon.....	15	oras.....	18, 19, 20
Connectivity.....	16 , 17	oras ng tahanan.....	18
contrast.....	11	pagcha-charge ng baterya.....	9
Daylight Saving.....	20	Pagpe-pair.....	16
Daylight Saving Time.....	20	pagsikat/paglubog ng araw.....	19
display.....	11	pambilang ng hakbang.....	15
flashlight.....	9 , 13	panahon.....	20
GLONASS.....	11	pandaigdigang oras.....	18
GPS.....	13	pandaigdigang oras, oras ng tahanan..	18
hudyat ng bagyo.....	20	Point of Interest.....	13
i-invert.....	11	Simula.....	5
Kabilang sa I-calibrate ang compass....	10	software.....	15
lagay ng panahon.....	20	stopwatch.....	16
logbook.....	8	suporta.....	22
lokal na oras.....	18	Timer.....	11
lokasyon.....	14	vibration.....	20
lokasyon ng tahanan.....	6		




SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

www.suunto.com/support

www.suunto.com/register

Manufacturer:

Suunto Oy
Tammiston kauppatie 7 A,
FI-01510 Vantaa FINLAND



© Suunto Oy 05/2021

Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.